# 2 Nephi 31–33

(MARSO 2–8)

# Ano ang Daan tungo sa Buhay na Walang-Hanggan?

Babalik tayo sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng paggawa at pagtupad ng mga tipan sa Kanya. Ipinakita sa atin ni Jesucristo ang daan sa landas na ito ng tipan, at magtatamo tayo ng buhay na walang-hanggan sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang halimbawa.

**TALAKAYAN**

Nasaan ka na sa landas ng tipan? Ano ang dapat mong gawin para patuloy na sumulong?

"Sa bawat miyembro ng Simbahan sinasabi ko, manatili sa landas ng tipan. Ang inyong pangako na sundin ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng pakikipagtipan sa Kanya at pagsunod sa mga tipan na iyon ang magbubukas ng pinto para sa bawat espirituwal na mga pagpapala at pribilehiyo para sa kalalakihan, kababaihan, at mga bata saanman."

**Pangulong Russell M. Nelson, "Habang Tayo ay Sama-samang Sumusulong,"** ***Liahona,*** **Abr. 2018, 7.**



Anong pagpapala ang matatanggap natin kung magtitiis tayo hanggang wakas? (Tingnan sa 2 Nephi 31:20.)

Ano ang pasukan tungo sa landas ng tipan? (Tingnan sa 2 Nephi 31:17–18.) Paano natin maipapakita ang ating kahandaang sundin ang halimbawa ni Jesucristo at ang Kanyang mga kautusan?

Paano tayo susulong sa landas? (Tingnan sa 2 Nephi 31:16, 20; Mosias 5:7–9.)

Inililihis tayo ng landas ng kasalanan. Paano tayo babalik? (Tingnan sa 1 Nephi 10:18; 3 Nephi 9:13–14.)

MGA PAGLALARAWAN NI J. BETH JEPSON

**LINGGO 2**